# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO

Grade 1

**Teacher's Guide**

(Units 1 & 2)

# Yunit 1

# Ako ay Mabuting Kasapi ng Pamilya

## Kabuuang Pananaw

Sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa Unang Baytang, dapat na isaalang-alang ng guro na ang mga bata ay wala pa munang pormal na kaalaman. Dahil dito, mahalagang simulan ang pagbubukas ng kanilang mga isipan sa pamamagitan ng pag-uusap-usap at pagtalakay ng mga karanasan at paksang nauukol sa tahanan at sa kanilang mga sarili, sapagkat ito ang paksang kanilang nalalaman.

Pinaniniwalaan din na ang kagandahang-asal at mabuting pag-uugali ay nagsisimula sa pagkakaroon ng kamalayan at pagtuklas sa sariling kakayahan, pangangalaga sa sarili upang higit pa ng malinang ang mga kakayahang ito, at paggamit ng nasabing mga kakayahan upang makapagdulot ng kaligayahan sa pamilya.

Sinasabing kapag naranasan ng mga bata ang masayang pamilya, ito ang maghahatid sa kanya ng pagtitiwala sa sarili at kahalintulad na mga karanasan sa mga susunod pang kapaligirang kanyang gagalawan. Ang mga kaalamang ito ang magsisilbing unang pundasyon ng mabuting pag-uugali at magandang kaasalan ng mga mag-aaral.

Upang matugunan ang pananaw na ito, ang unang yunit ay hinati sa tatlong aralin:

Aralin 1: Ako ay Natatangi

Aralin 2: Inaalagaan ko ang Aking Sarili

Aralin 3: Mahal Ko ang Aking Pamilya

Sa pagtatapos ng mga aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

a. natutukoy at nalilinang ang mga pansariling kakayahan;
b. naisasabuhay ang iba't ibang paraan upang malinang ang mga hilig at kakayahan;
c. naipadarama nang may pagmamahal ang mga kilos at gawaing nagpapasaya sa tahanan.

Iminumungkahing talakayin ang mga araling ito sa Yunit I sa loob ng sampung (10) linggo, o sa unang kwarter ng taon.

## Mga Gabay na Katanungan


Ang sumusunod na mga katanungan ang magiging gabay sa pagtalakay ng mga konseptong ituturo sa mga araling nakapaloob sa yunit.

1. Ano-ano ang mga gawaing hilig mong gawin? Ano-ano ang mga gawaing kaya mong gawin?

2. Paano mo mapaghuhusay ang paggawa mo ng mga gawaing ito?
3. Paano mo magagamit ang talentong ito upang makatulong ka sa pagpapasaya ng iyong mag-anak?

## Aralin 1: Ako ay Natatangi

pahina 2



### Alamin

1. Sapagkat unang araw ng pasukan, magkaroon muna ng ilang mga gawain upang mapalagay ang loob ng mga bata sa klase. Magkumustahan at bigyan sila ng pagkakataon upang makilala ang kanilang mga kaklase.

   Ipaawit ang sumusunod.

   Kumusta ka? *(magkamayan*)
   Kumusta ka?
   Umikot nang umikot
   At humarap sa iba. (*humanap ng ibang kapareha)*

   Ulitin ang pag-awit nang ilang beses pa upang makakita ng ibang mga kapareha ang mga bata.
   Maaari ring magpaawit ng ibang awiting alam ng guro.

2. Sa mga sandal ng pagpapakilala, himukin ang mga bata na sabihin din kung ano-ano ang mga talentong kaya nilang gawin. Hal. pag-awit, pagsayaw, atbp.

3. Ipakilala ang mga karakter na sina Aya at Buboy. Ipakita ang kanilang larawan sa aklat. Talakayin ang mga hilig na madalas na ginagawa ng dalawang bata. Pag-usapan ang mga talentong taglay nila.

4. Ipasagot ang mga katanungan sa katapusan ng kwento.

   a. Ano ang hilig ni Aya?
   b. Ano ang paboritong gawin ni Buboy?
   c. Bakit sila mahal ng kanilang pamilya?

   Sikaping maipakita sa mga bata na kung minsan, ang pagpapakigang-gilas sa tahanan sa pamamagitan ng paggamit ng talento, ay nakapagpapasaya sa tahanan.

5. Sa puntong ito, tanungin ang mga bata kung kagaya rin kaya sila nina Aya at Buboy. Ano-ano naman ang mga gawaing kaya nilang gawin?

   Ipasagot ang mga pagsasanay sa aklat, pahina 4.

6. Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng kunwa-kunwariang *Talent Search* sa klase. Bayaang magpagalingan ngpagpapakita ng talent ang mga mag-aaral.



## Isaisip

1. Pag-usapan ang kararaang gawain tungkol sa pagtuklas ng kani-kanyang talento. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang naramdaman nila nang sila ay nagpakitang-gilas. Sila ba ay natuwa? O kaya'y nahiya? O kaya'y ninerbyos?

   Ilahad ang pagsasanay sa pahina 5-6.

   Pag-usapan ang mga kasagutang ibinigay ng mga bata.

2. Sa bahaging ito, dahan-dahang ikonekta ang aralin sa uri ng damdaming kanilang nadarama. Kung may alam sila, handa ba silang ito ay ipakita? Ano ang naramdaman nila nang ginawa nila ito? Naging masaya ba sila?

   Papiliin ang mga bata ng **smiley characters** na magpapakita ng kanilang damdamin.
3. Para sa mga guro, maging sensitibo sa mga batang kulang ang pagtitiwala sa sarili. Sana'y mabigyan sila ng mga payong makapagpapalakas ng kanilang loob.

4. Paano kung mahina ang loob ng mga mag-aaral ? Talakayin ang mga dahilan kung bakit sila nahihiya o natatakot.

5. Magdaos ng *role-play* tungkol sa paghingi ng tulong mula sa mga kasambahay. Ipakita rin sa pamamagitan ng *role -play* ang mga pamamaraan kung paano mapahuhusay ang talentong kanilang taglay.

6. Bigyan ng pagtataya ang *role-play* na ipakikita ng mga bata. Hikayatin din ang mga mag-aaral na magbigay ng sarili nilang mga puna.

   Aling pagtatanghal ang nagustuhan nila? Bakit?



## Isagawa

Ilahad ang mga pagsanay sa aklat.  Ipagawa  ito sa mga mag-aaral.

1. Bumuo ng grupo sa klase.  Ipakilala ang sarili, pati na ang mga hilig at kakayahang magagawa nila.

2. Maglaro ng Bingo.  Umikot at papirmahan sa mga kaklase ang mga kakayahang kaya nilang ipakita.

   Ang unang makapagpupuno ng pirma ng mga kaklase ang siyang panalo. Siguruhin lamang na iba't iba ang pirmang mapapalagay sa pahina ng aklat.

3. Iminumungkahing gumawa ang guro ng mga *smiley characters* na nagpapakita ng sumusunod na mga damdamin:
   a. Natutuwa
   b. Nagagalit
   c. Nalulungkot
   d. Natatakot

   Ipamigay ito sa grupo ng mga bata.

   Pag-usapan ang ilang mga sitwasyon tungkol sa iba't ibang damdaming nadarama ng mga bata kapag kailangan nilang ipakita ang kanilang mga kakayahan.  Papiliin ang mga mag-aaral ng *smiley characters* na tumutugma sa kanilang mga damdamin.

   Maaaring iba't ibang *characters* ang ipakita ng mga bata.

   Maaari pa ring dagdagan ng guro ng kaunting talakayan ang bahaging ito sa pamamagitan ng pagtatanong kung bakit.

4. Magbigay ng mga sitwasyong nakalilinang o hindi nakalilinang ng kakayahan. Bigyan ng pagtataya ang kakayahan ng mga bata sa pagpapasya kung tama o hindi ang aksyong inilarawan.  Bayaang ipaliwanag nila nang maikli ang kanilang kasagutan.

5. Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng pag-awit. (Himig:  *TheFarmer in the Dell*)

   Ano ang kaya mo?
   Ano ang kaya mo?
   Ano kaya ang kaya mo?
   Ano ang kaya moi?

   Kaya kong kumanta.      *(Ipakita ang aksyon.)*
   Kaya kong kumanta.

Kaya ko, oh, kaya ko,
Kakanta ako. *(Palitan ang salitang-kilos.)*



## Isapuso

1. Sa pagsisimula ng aralin sa bahaging ito, magpakita ng larawan ng mga personalidad na kilalang-kilala ng mga mag-aaral:
    a. Lea Salonga
    b. Charice Pempengco
    c. Manny Pacquiao
    d. Romy Garduce
    e. Azcals

    Bakit kilala ang mga personalidad na ito? Ano-ano ang tangi nilang mga kakayahan?

2. Balik-aralan ang pinag-usapan na tungkol sa paglinang ng mga kakayahan. Paano mapahuhusay ang isang talentong taglay na nila? Paano naman malilinang ang isang talentong pinapangarap nilang mapasakanila?

    Bigyang-halaga ang pagbubuo ng pangarap at pag-asa sa mga bata sa pamamagitan ng paglinang ng nais nilang talento. Sa panahon ngayon, maraming mga batang nakikilala sa pamamagitan ng kanilang mga hilig at kakayahan. Maaaring sila rin naman, baling araw.

3. Bigyan ng paglalagom ang aralin. Ipabasa ang nilalaman ng *text box.*

| |
|---|
| Ang bawat bata ay natatangi.<br><br>Ang bawat batang katulad mo ay may kakayahan.<br><br>Paunlarin mo ang iyong sarili. |



## Isabuhay

1. Bigyan sila ng pagkakataong maiguhit ang kanilang sarili. O kaya naman, pagdalahin sila ng sari-sarili nilang mga larawang ididikit sa isang pahina ng kanilang notbuk.

    Sa ilalim ng larawan, ipasulat ang kanilang palayaw nang pababa. Sa bawat titik, palagyan ito ng salitang naglalarawan ng kanilang katangian.

Halimbawa:

Ako si Aya.  Ito ang mga kaya kong gawin.


A-  wit   (kaya kong umawit.)

Y-oyo  (Kaya kong magyoyo.)

A-rte    (Kaya kong umarte.)

2. Ilahad ang mga gawain sa aklat, pahina 12.

3. Ipaskel sa *bulletin board* ang mga  natatanging gawa ng mga mag-aaral.




**Subukin**

1. Ilahad ang mga pagsasanay sa pahina 13.

2. Talakayin ang ibinigay na kasagutan ng mga bata. Sa kanilang mga kasagutan, matataya ng guro kung tumimo na sa kanilang mga isipan ang araling ito tungkol sa pagtukoy at paglinang ng kanilang mga kakayahan.

## Aralin 2: Inaalagaan Ko ang Aking Sarili

pahina 14



**Alamin**

1. Mula sa pagtuklas at paglinang ng kani-kanyang mga kakayahan,  gabayan ang mga bata upang makita ang kahalagahan ng pangangalaga sa sariling kalusugan.  Ang pagiging masakitin ay hadlang sa paglinang ng kakayahan.  Paano nila maipakikita ang kanilang talento kung sila'y maysakit at nanghihina?

2. Ipakita ang larawan ng isang batang babae at isang batang lalaki, sina Mila at Sam. Paghambingin ang mga bata.  Sino kaya sa kanila ang magiging higit na mahusay? Bakit kaya?

3. Pag-usapan ang pagliban sa klase.  Ano ba ang kadalasang sanhi ng pagliban? Kung palagi silang lumiliban, paano nila ganap na mauunawaan ang aralin?

4. Tanungin ang mga mag-aaral.  Ano kaya ang dapat nilang gawin para maging malusog at hindi sakitin?

5. Ilahad ang aralin sa pahina 16-18 ng aklat.  Ipakilala ang mga karakter na sina Aya at Buboy.  Anyayahan ang mga mag-aaral na basahin ang teksto at alamin kung paano nananatiling malusog sina Aya at Buboy.

6. Ipasagot ang mga katanungan sa katapusan ng kwento.  Ano-ano ang ginawa ng dalawang bata? Malinis kaya silang tingnan bago pumasok sa paaralan?

7. Ihambing ang ginawa nina Aya at Buboy sa ginawa ng mga mag-aaral bago sila pumasok sa paaralan.  Bayaang magkwento sila ng kanilang mga karanasan.

8. Pasagutan ang *check list* sa pahina 20 tungkol sa pagiging malinis sa pangangatawan.  Mag-survey ng mga kasagutan ng mga bata sa pamamagitan ng pagtataas ng mga kamay.

9. Bilang panghuling gawain ay paawitin ang mga bata:

   *Tayo nang maligo, para laging presko,*
   *Pakiramdam ko, pakiramdam ko,*
   *Mabango na ako.*

   *Tayo'y magsepilyo ng ating ngipin,*
   *Pakiramdam ko, pakiramdam ko,*
   *Malinis na ako.*

   *Tayo nang magbihis, para laging ayos,*
   *Pakiramdam ko, pakiramdam ko,*
   *Maganda na ako.*

   *(Maaaring ulitin nang ilang beses ang awitin. Ipakita ang aksyon habang umaawit)*



**Isaisip**

1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng *Health Check*.  Sino-sino sa mga mag-aaral ang may malinis na kamay, kuko,atbp?  Sino ang nakasuot ng malinis na uniporme, sapatos, atbp?

2. Piliin ang pinakamalinis na bata, o kaya ay pinakamalinis na grupo ng mga bata sa klase.  Iharap sila sa klase upang mapalakpakan.

3. Ituro ang isang awitin tungkol sa mga bahagi ng katawan na dapat pamalagiing malinis.

   Sampung mga daliri, kamay at paa,
   Dalawang tenga, dalawang mata,
   Ilong na maganda,

Magandang mga ngipin,
Masarap ikain,
Dilang maliit, nagsasabing
Huwag magsinungaling.

4. Ilahad ang isang kwento tungkol kay Enteng. Ipakita ang ilang larawan habang nagkukwento sa mga bata.

   (Buod)

   Si Enteng ay isang batang ayaw na ayaw maligo. Palagi siyang marumi. Dahil dito, palagi siyang nagkakasakit.

   Minsan, gusto niyang sumali sa larong habulan. Hindi niya kaya. Madali siyang nadadapa.

   Minsan din, gusto niyang magpalipad ng guryon. Hindi niya magawa. Hindi niya mahatak nang maayos ang tali ng guryon. Kasi, nanghihina siya.

   Gusto rin niyang sumali sa paligsahan ng pagkanta. Kaya lang, nagkasakit siya nang araw ng kontes.

   Ang masakit pa nito, tinubuan siya ng mga butlig. Naglayuan tuloy ang kanyang mga kamag-aral.
   Kaya, si Enteng ay madalas na nag-iisa.
5. Pag-usapan ang detalye ng kwento.
   a. Bakit palaging nagkakasakit si Enteng?
   b. Bunga nito, ano ang palaging nangyayari sa kanya?
   c. Sa palagay mo kaya, masaya si Enteng?
   d. Bakit?
   e. Ano kaya ang dapat gawin ni Enteng para siya ay maging masaya?

6. Iugnay sa karanasan ng mga bata ang karanasan ni Enteng. Tanungin sila kung may mga pagkakataon ba na hindi nila nagagawa ang gusto o hilig nilang gawin? Bakit? Iugnay ito sa marahil ay kalagayan ng kanilang kalusugan.

7. Hanguin mula sa pananaw ng mga bata ang kahalagahan ng pagiging malusog. Ano ang kaugnayan ng kalusugan nila sa paglinang ng kanilang mga kakayahan?

8. Maaaring tapusin ang aralin sa pamamagitan ng pagpapagawa ng simpleng mga poster tungkol sa kalusugan. Ipaskel ang gawa ng mga bata sa *bulletin board.*



## Isagawa

1. Simulan sa pamamagitan ng awitin (sa himig ng *Baa, Baa, Black Sheep*).

   Magsepilyo ng ngipin, ng ngipin, ng ngipin,
   Magsepilyo ng ngipin, ganito'ng gawin.
   Taas-baba, taas-baba, taas-baba, taas-baba,
   Taas-baba, taas-baba, magsepilyo na.

   Habang inaawit, ipakita sa pamamagitan ng demonstrasyon ang tamang pagsesepilyo ng ngipin.

2. Magpakita ng puppet na mga gulay o prutas. Pagsalitain ang mga gulay, tulad ng sumusunod.

   *Ampalaya*: Hu! Hu! Hu!
   *Kalabasa:* Ampalaya! Bakit ka umiiyak?
   *Ampalaya*: Kasi, ayaw akong kainin ng mga bata. Ayaw nila sa akin.
   *(Ituloy ang diyalogo.)*

3. Ipakita sa mga bata na bukod sa mga gamit sa paglilinis, mahalaga rin ang pagkain nang tama. Pag-usapan ang mga pagkaing mainam para sa katawan.

   Talakayin ang kahalagahan ng pagkain ng prutas at gulay. Gayundin, talakayin ang mga kasamaang dulot ng junk food.

4. Sumunod na pag-usapan ang mga gawaing nakasasama sa kalusugan. Hal., pagpapaulan, pagtatampisaw sa baha. Bakit ito masama sa kalusugan?

5. Ilahad ang mga pagsasanay sa aklat. Ipasagot ang mga gawain sa pahina 22-24.

6. Bigyan ng paglalagom ang aralin. Ano-ano ang mga bagay o gawaing mainam para sa ating kalusugan? Bakit natin dapat na pangalagaan ang ating kalusugan?



## Isapuso

1. Balik-aralan ang mga gawaing nakabubuti sa ating kalusugan. Magdaos ng *role play* na nagpapakita ng mga magagandang kaugalian tungkol sa mabuting kalusugan.

2. Idayagram sa pisara ang kaugnayan ng kalinisan sa kalusugan. Talakayin: paano nauugnay ang ating pagiging malinis sa ating pagiging malusog? Bakit natin kailangang maging malusog?

3. Ipasagot ang mga pagsasanay sa pahina 25-26.

4. Bumuo ng paglalagom. Pagkatapos ay Ipabasa nang malakas at sabay-sabay ang sumusunod na
kaisipang dapat nilang tandaan:

   Alagaan ang sarili.
   Maging malinis.
   Kumain nang tama.
   Huwag magpabaya.

5. Sundan ito ng gawain para sa pag-eehersisyo. Sa saliw ng masayang tugtugin, igalaw-galaw ang mga paa, kamay, ulo, at buong katawan para sa mabuting kalusugan.



**Isabuhay**


1. Ipakita ang ilang mga larawang nagpapakita ng pagsasabuhya ng mga aralin para sa kalusugan. Lakipan ito ng ilang mga larawang hindi mainam para sa kalusugan. Tingnan kung mahahalata ito ng mga bata.

   Halimbawa
   a. mga batang naglalaro sa lilim
   b. mga batang nagpapaulan
   *c.* mga batang kumakain ng *junk food*
   d. Mga batang kumakain ng gulay

2. Talakayin ang ipinakikita ng mga larawan at bayaang magpasya ang mga bata kung mabuti o di-mabuti ang ginagawa ng mga bata sa larawan. Kapag sinabi nilang di-mabuti, tanungin sila kung bakit.

3. Ilahad ang mga pagsasanay sa aklat.

4. Bigyan ng pagtataya ang kasagutan ng mga bata.



## Subukin

1. Tayahin ang kaalaman ng mga bata tungkol sa aralin.

2. Pasagutan ang mga pagsasanay sa pahina 28-30.

3. Iwasto ang kasagutan ng mga bata. Pahapyaw na talakaying muli ang mga naging maling sagot ng mga bata upang matiyak na natutuhan nila nang mataman ang aralin.

## Aralin 3: Mahal Ko ang Aking Pamilya

pahina 31

1. Ipakita ang larawan ng isang masayang pamilya na namamasyal sa parke: Nanay, Tatay, anak na babae, at anak na lalaki.

   Ipakilala ang mga tauhan, sina Aya at Buboy, at ang kanilang mga magulang.

   Tanungin ang mga bata kung ano sa palagay nila ang ginagawa ng mag-anak sa parke. Sa palagay kaya nila ay masaya ang pamilya? Bakit nila nasabi ito?

2. Ipakita ang kasunod na larawan sa pahina 32. Tanungin ang mga bata kung ano ang ginagawa ng dalawang bata. Anong mga katangian ang ipinakita nina Aya at Buboy?

3. Hindi lamang iyon ang ginagawa nang sama-sama ng mag-anak. Ipakita ang kasunod na mga pahina. Pag-usapan ang iba pang mga gawaing ginagawa nila sa pamilya.

4. Talakayin kung ano ang naidudulot ng pagsasama-sama ng mag-anak sa pamilya.

   Pag-usapan ang ilang mga natatanging okasyon kung saan ay nagsasama-sama ang pamilya. Halimbawa, Pasko. Nagkakaroon din kaya sila ng mga pagkakataong magpakitang-gilas sa kanilang mga kamag-anak, tulad nina Aya at Buboy?

5. Tanungin sila kung may kapareho silang karanasang katulad ng ginagawa ng mag-anak ni Mang Edwin.

6. Bigyan ng panahon ang pagbabahagi ng mga mag-aaral ng sarili nilang mga kwento.

   Upang makapagkwento ang lahat ng mga bata, maaaring hatiin ng guro ang klase sa maliliit na pangkat.

Hikayatin ang pagkukwentuhan ng mga myembro sa kani-kanilang mga pangkat.

Pumili ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang kwento sa harap ng klase.

7. Bilang panapos ay ipaawit ang awitin ni Aya, na kinanta niya para sa kanyang Lolo at Lola.

Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
Di ko na nakita
Pumutok na pala.
Sayang lang pera ko
Pambili ng lobo
Sa pagkain sana
Nabusog pa ako.

Lapatan ng aksyon ang awitin.



## Isaisip

1. Tanungin ang mga bata kung sila ay nanonood ng telebisyon. May kilala ba silang mga child star? Ano-ano ang talento ng mga batang ito?

2. Anong damdamin ang nadarama nila kapag pinanonood nila ang kanilang idolong child star? Natutuwa kaya sila?

3. Ihambing ang damdaming ito sa pagpapakitang-gilas nila sa kanilang mga magulang, o kaya ay Lolo at Lola. Ano ang napapansin nilang reaksyon mula sa mga ito?

4. Tanungin ang mga bata kung ano ang ipinahihiwatig ng reaksyong ito. Bakit sila natutuwa?

5. Sikaping makita ng mga bata ang koneksyon ng pagiging masaya o pagpapasaya sa pagmamahalan sa pamilya.

6. Tanungin ang mga bata ng kanilang masasayang kaaranasan sa pamilya. Subukin kung kaya nilang ipaliwanag kung ano ang nagpasaya sa kanila.

7. Iugnay ang talakayan sa Unang aralin tungkol sa pagkakaroon nila ng iba't ibang kakayahan. Pag-usapan ang mga naaiibang talento, tulad ng kakayahang magpatawa, kakayahang makapagkwento, makapagpakita ng madyik (na pambata), atbp.

Maaaring balikan ang ginawang Talent Search noong tinalakay ang unang aralin.

8. Balikan ang mga kailangang gawin ng mga batang katulad nila upang kanilang mapaunlad ang kanilang mga talento.

9. Bigyan ng paglalagom ang aralin.

    a. Mahal ba nila ang kanilang pamilya?
    b. Gusto ba nilang maging masaya ang kanilang pamilya?
    c. Ano-ano ang mga makakaya nilang gawin upang mapasaya nila ang kanilang mga kasama sa pamilya?



**Isagawa**

1. Ilahad ang mga pagsasanay sa aklat. Ipasagot ito sa mga mag-aaral.

2. Pagawin ang mga bata ng isang kard na maaari nilang ibigay sa kanilang mga magulang.

    Bukod sa mga kagamitang binanggit sa aklat, maaari rin silang mag-isip ng iba pang mga kagamitan upang mapaganda ang kanilang kard.

3. Maaaring maglaan ang guro ng panahon upang kumbidahin ang mga magulang. Magpalabas ng isang pagtatanghal na, kung saan, maaaring magpakitang-gilas ang mga mag-aaral na may natatanging kakayahan.

    Sa pagtatapos ng palabas, ipabigay sa mga bata ang kard sa kani-kanilang mga magulang.



**Isapuso**

1. Bigyan ng pagtataya ang palabas na ginawa.
    a. Nagustuhan ba nila ang pagtatanghal?
    b. Nagustuhan kaya ng kanilang mga magulang ang kanilang programa?
    c. Aling bahagi kaya ng palabas ang nagustuhan nila?
    d. Bakit?

2. Pag-usapan ang iba't ibang mga mungkahi kung paano nila mapasasaya ang kanilang mga mahal sa buhay.


3. Ipabasa ang mga konseptong dapat nilang tandaan sa araling ito.

Mahalin natin ang ating pamilya.
Pasayahin natin sila.
Gamitin natin ang ating mga kakayahan
para mapasaya sila.



**Isabuhay**

Magbigay ng mga sitwasyon sa pamilya. Tanungin ang mga bata kung ang mga sitwasyong ito ay nagpapakita ng pagmamahalan o hindi. Bayaang ipaliwanag nila ang kanilang kasagutan.



**Subukin**

1. Sa huli, magpadrowing sa mga bata ng eksenang magpapakita ng pagmamahalan sa pamilya.

2. Ipaskel sa *bulletin board* ang kanilang mga gawa.

3. Magtanghal ng *role play* tungkol sa masayang pamilya. Bigyang-papuri ang mahusay na pagtatanghal.

## Yunit 2

## Mahal Ko ang Aking Kapwa

### Kabuuang Pananaw

Ang pakikipagkapwa ay isang magandang katangian ng mga Pilipino. Kahit saang dako, dito man sa bansa o sa ibayong dagat madaling makakahanap ng kaibigan, kababayan man o dayuhan dahil magaling at maayos tayo sa pakikipagkapwa-tao. May respeto o paggalang sa pakikitungo sa iba. May pakikinig at kabukasan sa opinyon at pananaw ng iba. Marunong tumanggap ng puna at pagkakamali. May mapayapang disposisyon. May paniniwala sa pagkaka-pantay-pantay ng lahat (walang paghuhusga maging sa relihiyon, kulay, kasarian o lahi).

Sa modyul na ito, inaaasahang maipamamalas ng mga bata sa unang baitang ang sumusunod:

- maunawaan ang kahulugan ng pakikipagkapwa-tao.
- malinang ang pagpapahalaga ng pakikipagkapwa-tao sa kani-kanilang buhay bilang bata
- maisabuhay ang natutuhang gawi at pagpapahalaga sa pang-araw-araw na pamumuhay bilang isang bata sa tahanan, paaralan at sa kanyang kapaligiran.

Ituturo ang yunit na ito sa loob ng sampung (10) linggo ng ikalawang kwarter.

Upang maisakatuparan ang adhikaing ito, iminumungkahi ang sumusunod na katanungan bilang patnubay sa pagtuturo ng guro sa araling ito.

Mga patnubay na tanong:

1. Ano ang konsepto ng pakikipagkapwa?
2. Ano ang mga halimbawa ng pakikipagkapwa?
3. Ano-ano ang tatlong pagpapahalaga na maaring malinang sa ating pakikipakapwa?
4. Bilang batang Pilipino, sa paanong paraan mas maipakikita ang ating pakikipagkapwa sa tahanan, paaralan at kapaligiran?

## Aralin 1: Alam ko ang damdamin ng iba


1. Pabuksan ang modyul pahina 46 at patingnan ang larawan sa Aralin 1.
2. Itanong:
    - Ano-ano ang inyong nakikita sa larawan?
    - Ginagawa rin ba ninyo ang ganitong gawain sa inyong kapwa?
    - Ano ang nararamdaman mo tuwing nakagagawa ka ng mabuti sa iyong kapwa?
3. Pag-usapan ang mga kasagutan ng klase. Magpabigay pa ng mga halimbawa.

### Alamin

1. Pabuksan ang modyul pahina 47. Ipaliwanag sa klase ang paraan ng pagsasagot sa bawat sitwasyon.
2. Bigyan ng pagkakataon ang klase sa pagsasagot. Kung hindi pa marunong magbasa, maaaring basahin ng guro ang mga sitwasyon.
3. Pagkatapos, talakayin ang mga naging kasagutan ng klase.
4. Bigyan sila ng pagkakataon na maipaliwanag ang kabuuang kasagutan.
5. Iugnay ito sa aralin.

### Isaisip

1. Ganyakin ang klase sa pamamagitan ng pagpapakita ng larawan ng maysakit.



2. Pag-usapan ang mga ginagawa nila kung mayroong maysakit sa bahay.
3. Ganyakin silang makapagbigay ng mga gawaing makakapagpasaya sa maysakit.
4. Talakayin ang nilalaman ng Isaisip sa pahina 48.



## Isagawa

1. Hatiin sa tatlong (3) pangkat ang klase.
2. Ipagawa ang Gawain sa pahina 49-51 ng modyul.  Sundin ang matrix sa ibaba.

| Pangkat 1 | Pangkat 2 | Pangkat 3 |
|---|---|---|
| Gawain 1 | Gawain 2 | Gawain 3 |
| Gawain 2 | Gawain 3 | Gawain 1 |
| Gawain 3 | Gawain 1 | Gawain 2 |

3. Ipaulat at ipapaskil ang ginawa ng bawat pangkat.




## Isapuso

1. Ipamasid ang larawan sa pahina 52.
2. Hayaang magnilay ang mga bata sa larawang nakikita.
3. Itanong: Kung nagawa mo ang ganitong pangyayari, ano ang maaari mong gawin humingi ng paumanhin sa nagawa mong pananakit ng kanyang damdamin?
4. Ipaguhit o ipasulat ang kanilang kasagutan.
5. Tumawag ng ilang bata upang magbahagi ng kanilang ginawa.
6. Ipabasa ang tandaan sa pahina 53.



## Isabuhay

1. Pakuhanin ang klase ng malinis na papel. Ipasulat sa papel ang mga nagawa nilang pangyayari sa kanilang kapwa na nakasakit ng kanilang damdamin. Maaaring 1 o 2 lamang na pangungusap. Gabayan sila na makasulat.
2. Maaaring ipapunit sa mga bata ang papel na kanilang sinulatan.  Mag-isip ng isang seremonya para rito.
3. Pagbalik sa silid-aralan, pagawain sila ng liham o kard na humihingi ng paumanhin sa kanilang nagawa. Gabayan sila sa pagawa nito.
4. Ipabigay ang liham o kard sa taong kanilang nasaktan.
5. Isagawa ang “Isabuhay” sa pahina 53.
6. Itanong ang kanilang naramdamam pagkatapos gawin ito.



### Subukin

1. Ipasagot ang “Subukin.”
2. Talakayin ang mga kasagutan.

## Aralin 2: Ako ay magalang sa lahat

1. Ipalarawan sa klase ang kanilang nakikitang larawan sa pahina 55.
2. Magpabigay pa ng iba pang katulad na halimbawa.
3. Ilunsad ang aralin tungkol sa paggalang.
4. Ipaunawa sa klase ang kahulugan nito.



### Alamin

1. Pabuksan ang modyul pahina 56-57. Ipaliwanag sa klase ang paraan ng pagsasagot sa bawat sitwasyon.
2. Bigyan ng pagkakataon ang klase sa pagsasagot. Kung hindi pa marunong magbasa, maaaring basahin ng guro ang mga sitwasyon. Pag-usapan ang kasagutan ng klase.
3. Iugnay sa aralin.



### Isaisip

1. **Pahulaan:** Anong magalang na pananalita ang sinasabi kung
   - papasok ka na sa paaralan?
   - nakasalubong mo ang iyong guro?
   - binigyan ka ng tinapay ng kaklase mo?
   - nagpasalamat sa iyo ang kaibigan mo?
2. Isulat sa pisara ang mga magagalang na pananalita na ibinigay ng klase. Talakayin.
3. Ipabigkas ang tulang “Ang Po at Opo” sa pahina 58.
4. Ipasagot ang mga tanong na kasunod ng tula.
5. Talakayin ang mga dapat tandaan sa pahina 59-60.



## Isagawa

1. Hatiin sa tatlong (3) pangkat ang klase.
2. Ipagawa ang mga Gawain sa pahina 61-66. Sundin ang matrix sa ibaba.

| Pangkat 1 | Pangkat 2 | Pangkat 3 |
|---|---|---|
| Gawain 1 | Gawain 2 | Gawain 3 |
| Gawain 2 | Gawain 3 | Gawain 1 |
| Gawain 3 | Gawain 1 | Gawain 2 |

3. Ipaulat at ipapaskil ang ginawa ng bawat pangkat.




## Isapuso

1. Basahin at ipaliwanag sa klase ang mga salawikaing nasa modyul pahina 66.
2. Papiliin ng salawikain ang mga bata at hayaang pagnilayan nila ang kahulugan nito.
3. Magpakita ng larawan ng isang batang hindi marunong gumalang sa magulang at isang batang magalang. Paghambingin at pag-usapan kung ano ang maaaring maging bunga nito sa kanilang paglaki.
4. Ipagawa ang isinasaad sa pahina 67.
5. Hayaang ibahagi ng bata sa klase ang kanilang iginuhit.



## Isabuhay

1. Pangkatin ang klase na may apat na kasapi ang bawat pangkat. Sundan ang nakasaad sa Isabuhay pahina 68.
2. Pagawain ang bawat pangkat ng islogan tungkol sa paggalang. Gabayan sila sa pagbuo nito.
3. Palagyan ng dekorasyon ang islogan.
4. Ipapaskil sa loob at labas ng silid-aralan.



## Subukin

1. Ipasagot ang “Subukin” sa pahina 68-69.
2. Talakayin ang mga kasagutan

## Aralin 3: Ako ay matapat sa lahat ng oras

1. Pag-usapan ang mga larawang sa modyul, pahina 70.
2. Talakayin kung ano ang ipinahihiwatig ng bawat larawan.
3. Isulat sa pisara ang mga kasagutan ng klase.
4. Ipaunawa ang kahulugan ng pagkamatapat. Magbigay ng mga halimbawa.



### Alamin

1. Ipaliwanag ang panuto ng pagsasagot sa pagsubok na nasa modyul, pahina 71.
2. Pag-usapan ang sagot ng mga bata. Maaaring hingan ng paliwanag ang bawat bata mga naging sagot nila.



### Isaisip

1. Gumupit sa dyaryo ng mga larawan at kwento ng mga taong nagpakita ng katapatan.
2. Gumawa ng collage ng mga larawang nakalap. Ipakita ito sa klase at gawing halimbawa.
3. Ipabasa o basahin ang kwento ni Tinay na Tapat sa pahina 72.
4. Ipasagot ang mga tanong na nasa ibaba ng kwento. Hatiin sa 4 na pangkat ang klase at ipasagot ang tanong sa pamamagitan ng:
   - Pangkat 1 – Pagguhit
   - Pangkat 2 – Pagsasadula (Role Playing)
   - Pangkat 3 – Pagmomolde
   - Pangkat 4 – Munting Aklat (Mini Book)
5. Maghanda ng mga kagamitan para sa pangkatang gawain.
6. Ipaulat ang pangkatang gawain.
7. Talakayin ang “Laging isaisip” na nasa pahina 73 ng modyul.



### Isagawa

1. Pahanapin ng kapareha ang bawat bata. Ipaliwanag ang gagawin sa Gawain 1, pahina 73-74.
2. Bigyan ng pagkakataon na magkaroon ng diyalogo ang magkapareha.
3. Ipaulat ang naging bunga ng usapan.
4. Ipasagot ang Gawain 2, pahina 74-75. Ipaliwanag ang panuto.
5. Talakayin ang sagot ng klase.
6. Pahanapin muli ng bagong kapareha ang bawat bata.

7. Ipagawa ang Gawain 3, pahina 75.
8. Ipabahagi sa bawat magkapareha ang kwento ng kanilang katapatan. Ibuod ang mga kwento ng bata at isulat sa papel at gumawa ng isang collage.
9. Ipaskil ito.




## Isapuso

1. Isulat sa pisara ang salitang "**Ako ay Matapat sa Lahat ng Oras**"
2. Itanong sa klase kung ano ang kanilang nararamdam sa tuwing maririnig ang salitang ito. Pag-usapan ang mga sagot ng klase.
3. Iugnay ito sa gagawing "Kahon ng Katapatan." Sundin ang Isapuso sa pahina 75.
4. Pagawain ang bawat bata ng maliit na kahon.
5. Ipasulat o ipaguhit sa bawat bata ang kanilang nagawang katapatan. Ipalagay sa kahon.



## Isabuhay

1. Ipaliwanag ang pamamaraan kung paano gagawin ang Poster ng Pagiging Matapat na tulad ng nasa pahina 76.
2. Gabayan ang klase sa paggawa nito.
3. Ipapaskil at ginawa ng mga bata. Maaari ring magpakwento kung ano ang kahulugan ng kanilang poster.



## Subukin

1. Ipasagot ang "Subukin" sa pahina 77-78.
2. Talakayin ang mga kasagutan.

## Aralin 4: Mahal ko ang aking kapwa

1. Magpakita ng larawan ng mga batang biktima ng baha.
2. Pg-usapan kung ano ano kayang gawin ng klase upang matulungan ang mga batang biktima.
3. Maaari ring gawing pangkatang gawain. Bigyan sila ng pagkakataong mag-isip.
4. Iugnay ang ipinakita ng bawat pangkat sa aralin.
5. Pabuksan ang modyul, pahina 79. Pag-usapan ang larawan. Itanong ang mga tanong sa ibaba nito.



### Alamin

1. Ipasagot ang “Star ka ba?” sa pahina 80.
2. Tingnan kung sino ang nakakuha ng pinakaraming star.
3. Maaari ring bigyan ng gawad ang nakakuha ng pinakamaraming star.



### Isaisip

1. Gumupit sa dyaryo ng mga larawan at kwento ng mga taong nagpakita ng pagmamahal sa kapwa.
2. Gumawa ng poster ng mga larawang nakalap. Ipakita ito sa klase at gawing halimbawa.
3. Ipabasa o basahin ang kwento ni Wigan sa pahina 81.
4. Ipasagot ang mga tanong, pahina 82. Mungkahing gawain:
   - Tanong 1 – Character Mask
   - Tanong 2 – Pagsasadula (Role Playing)
   - Tanong 3 – Storytelling
   - Tanong 4 – Si Ikoy at Ako
5. Maghanda ng mga kagamitan para sa pangkatang gawain.
6. Ipaulat ang pangkatang gawain.
7. Talakayin ang pag-uulat na ginawa ng bawat pangkat.



### Isagawa

1. Hatiin sa tatlong (3) pangkat ang klase.
2. Ipaliwanag ang pamamaraan ng pagsasagawa ng bawat Gawain na nasa pahina 82-84.
3. Maghanda ng mga kagamitan sa pagsasagawa.

4. Ipagawa ang sumusunod: Sundin ang matrix sa ibaba.

| Pangkat 1 | Pangkat 2 | Pangkat 3 |
|---|---|---|
| Gawain 1 | Gawain 2 | Gawain 3 |
| Gawain 2 | Gawain 3 | Gawain 1 |
| Gawain 3 | Gawain 1 | Gawain 2 |

5. Ipaulat at ipapaskil ang ginawa ng bawat pangkat.




## Isapuso

1. Ipagawa ang isapuso mo, pahina 85. Gabayan sila sa paggawa nito.
2. Ipapaskil ang ginawa at bigyan ng pagkakataon na magkwento tungkol sa kanilang ginawa.



## Isabuhay

1. Magpadala sa klase ng mga gamit o bagay na hindi na nila ginagamit.
2. Ipagawa ang listahan na katulad ng sa pahina 86 ng modyul.
3. Maaaring lumabas ng paaralan upang ipamahagi ang mga naipong gamit o bagay sa nga batang higit na nangangailangan.
4. Maaari ring ang unang bahaginan  ay ang mga kaklase na mahihirap.



## Subukin

1. Ipasagot ang “Subukin” pahina 87.
2. Talakayin ang mga kasagutan.

**Pangwakas na Gawain (Culminating):**

1. Hatiin ang klase sa 4 pangkat. Pumili ng lider para sa bawat pangkat. Ipagawa ang sumusunod:

**Pangkat 1**
**Accordion Book: Ang Batang Magalang**

**Kagamitan:**

| | |
|---|---|
| cardboard | tape |
| bond paper | krayola |
| gunting | marker |

**Pamamaraan:**

1. Hatiin ng pahaba ang cardboard. Pagdugtungin ito upang makabuo ng mahabang istrip.
2. Itupi sa 5 bahagi ang istrip.
3. Iguhit sa bond paper kung paano ipakikita ang paggalang sa matatanda, sa guro, sa magulang, sa kaklase at sa kapwa bata. Kulayan at gupitin.
4. Idikit sa ginawang accordion book.
5. Ipaskil ang ginawa.

**Pangkat 2**
**Collage: Ang Batang Matapat**

**Kagamitan:**

| | |
|---|---|
| bond paper | lapis |
| krayola | pandikit |
| manila paper | gunting |

**Pamamaraan:**

1. Gumupit ng mga larawan na nagpapakita ng pagiging matapat. Hal. batang nagsauli ng wallet, batang nagsauli ng sobrang sukli, at iba pa.
2. Kung walang makuhang larawan, maaaring iguhit ang mga ito sa bond paper at kulayan.
3. Gumawa ng collage sa isang manila paper. Lagyan ng pamagat na “Ang Batang Matapat”
4. Ipaskil ito sa paskilan.

**Pangkat 3**
**Poster: Ang Batang Mapagkawanggawa**

**Kagamitan:**

| | |
|---|---|
| manila paper | pandikit |
| krayola | lapis |

**Pamamaraan:**

1. Gumupit ng mga larawan sa magasin o sa dyaryo ng mga pangyayari dulot ng kalamidad tulad ng biktima ng sunod, baha, bagyo at iba.
2. Idikit sa manila paper upang makabuo ng poster.
3. Isulat kung paano tutulong sa mga kapwa batang biktima sa paligid ng larawan.
4. Ipaskil.

**Pangkat 4**
**Word Wall: Mga Magagalang na Pananalita**

Kagamitan:

| | |
|---|---|
| meta istrip | pentel pen |
| pandikit | gunting |

Pamamaraan:

1. Pag-usapan ang mga magagalang na pananalitang ginagamit sa tahanan, paaralan at pamayanan.
2. Isulat ang mga ito sa metastrip.
3. Gumawa ng Word Wall.
4. Ipaskil sa Bulletin Board ng Eduk. Sa Pagpapakatao.

2. Ipaulat sa bawat pangkat ang ginawang output.
3. Itala ang mga kaisipang nabuo ng mga bata at iugnay ito sa pakikipagkapwa-tao.
4. Gallery Walk: Ipakita sa lahat ng bata ang mga output na ginawa ng bawat pangkat.
5. Maaaring mag-anyaya ng mga magulang upang maipakita ang ginawa ng kanilang anak.
6. Magdaos ng isang maikling palatuntunan.